

Minamahal na mga Pamilya ng Mga Pamublikong Paaralan ng Seattle:

Sa taong ito, ang mga mag-aaral sa ika-3-10 grado ay kukuha ng mga pagtatasa ng pansamantalang pamantayan sa Matematika. Ang mga pagtatasa ng pamantayan ay ginagamit ng masukat ang pang-unawa ng mag-aaral kaugnay sa mga pamantayan na itinituro. Hindi ito nangangahulugan ng karunungan o paggaling. Ang mga pamantayan ay napakahaga sa kanilang naitutulong sa mga guro at mag-aaral na maunawaan kung nasaan sila kaugnay sa mga pamantayan ng antas ng grado na itinituro. Ang mga pagtatasa ay bahagi ng gawain ng distrito sa pagpapatupad ng Ibat' ibang Antas ng Sistema ng Suporta (MTSS) ng Buong Kabataan na Balangkas at pagsisikap na matamo ang pantay na kalalabasan para sa bawat isa sa ating mga mag-aaral.

Ng nakaraang taon nakipagtulungan kami sa mga nagtitinda para simulan ang mga pansamantalang pagtatasa sa 20 paaralan. Nais namin na masiguro na ang mga pagtatasa na aming ginagamit para masubaybayan ang progreso ay nagpapakita ng pagtuturo, mga pamantayan, at populasyon ng ating mga bata. Ang mga guro at mga mag-aaral ay nagbigay ng malaking pananaw kung paano ang mga pagtatasa ay makakatulong sa mga desisyon sa pagtuturo ng mga guro, pati na rin ang mga pagbabago na kailangan para makamit ang mga pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.

Ang mga katugunan mula sa pagsusulit ay napakahalaga, at aming isinasaalang-alang habang ginagawa ang plano ng buong distrito para mapaghandaan ang 2018-2019 taon ng pasok.

Ang mga pansamantalang pagtatasa ng SPS ay:

1. Nakahanay sa saklaw ng ELA at Matematika at kurikulum na pinagtibay ng distrito
2. Nakahanay sa mga Buod na Pamantayan ng Estado sa ELA at Matematika
3. May kaugnayan sa kultura at kumakatawan sa populasyon ng mag-aaral
4. Sinubukan na sa ating mga mag-aaral at hinubog ayon sa iminungkahi ng ating mga guro

2018-2019 Plano para sa Mga Pansamantalang Pagtatasa sa Matematika:

Ang mga pansamantalang pagtatasa sa Matematika ay magagamit ng bawat paaralan sa ika-3-10 grado, na may kinakailangan para magamit:

- Mga Paaralan ng Title I/LAP at Levy ☐: mahigit sa isang grado na antas sa loob ng ika-3- ika-5 grado
- K - 8: Mamili sa alinman sa panggitna (ika-6 - ika-8) o elementarya (ika-3 – ika-5) na pinagsamang antas ng grado
- Hayskul: ika-9 at ika-10 grado
- Lahat ng paaralan: Lahat ng mag-aaral sa ika-3-8 grado

Kung interesado kang tumanggap ng mga resulta ng pansamantalang pagtatasa ng inyong anak, humingi ng ulat ng resulta sa panahon ng mga pagpupulong.

2018-2019 Plano para sa Pansamantalang Pagtatasa sa ELA:

Ang taong ito ang pangalawang taon para sa mga pansamantala, at ang mga mag-aaral ay hindi kinakailangan na kumuha ng pansamantalang CenterPoint ELA sa 2018-19 taon ng pasok. Kung interesado kang malaman kung ang inyong paaralan ay sumali o hindi sa ELA pilot, makipag-ugnayan sa guro ng silid-aralan o punong-guro.